

GABAY NG BOTANTE 2010

(Ang mga patakaran na ito ay galling sa ibinigay ng COMELEC na Revised General Instructions for Voting, COMELEC Resolution No. 8786, noong 6 March 2010)

Hanapin ang pangalan sa listahan ng botante

- Tandaan ang iyong presinto at “sequence number” na nakatala sa tabi ng iyong pangalan sa listahan.
- Maari kang bumoto kung nasa listahan ka ng mga botante o kung ang iyong voter’s registration record ay hindi pa ikinansela.
- Ang karapatan mong bumoto ay maaring tutulan kung mapatunayan na ikaw ay ibinenta sa iba ang iyong boto, o pinagpustahan mo ang resulta ng halalan.

Kunin ang Balota sa Board of Election Inspectors ng iyong presinto.

- Magdala ng opisyal na ID, huwag lang sedula, kung sakali hingin ka ng kapatunayan..
- Titingnan ang iyong kamay ng Board para patunayan na hindi ka pa bumoboto.
- Kung naitiyak ng Board na ikaw ay rehistradong botante, ang balota ay pipirmahan ninyo ng Chairman at ipapasok sa Secrecy Folder.
- Suriin ang balota sa harap ng Board pagkatanggap nito. Humingi ng kapalit na balota kung ang nakuha mo ay may tiklop, markadong boto o ano pang mga irregularidad. Maari ka lang humingi ng kapalit na balota bago ka tuluyang bumoto.
-

Ingatan ang ballot

- Huwag sulatan ang iyong balota liban sa iyong lagda sa ilalim, at ang mga “shade” sa mga oval
- Huwag mambura ng kahit ano sa iyong balota o punitin o tiklupin ito.

I-marka ang iyong boto

- Bago pa mang tumuloy sa presinto, isulat na ang listahan ng mga kandidato na iboboto. (Pwede itong isulat sa likod ng papel na ito).
- Guhitan ng buo ang mga oval sa tabi ng kandidatong iboboto; maaring hindi ibilang ang boto kung bahagya lamang ang pag-shade. Huwag mag-shade sa labas ng oval.
- Huwag mag-shade ng mas maraming oval kaysa sa mga itinakda para sa posisyong pinagbobotohan. (1 President, 1 Vice-President, 1 Party List, 12 Senators, 1 Congressman, 1 Mayor, 1 Vice-Mayor, 1 Governor, 1 Vice-Governor, etc.)
- Gamitin lamang ang nakatalagang COMELEC pen.
- Hindi pwedeng magdala ng kasama habang ipinupuno ang iyong balota, liban lamang kung ikaw ay may kapansanan. Iwasan ang makipag-usap sa iba habang bumoboto.
- Huwag kang kumuha ng litrato ng iyong sarili o ng ibang tao habang sila’y bumoboto.
- Para iwasan ang mga mali na ikatatanggi ng iyong balota, huwag magmadali habang bumoboto. Ngunit, magbigay ng konsiderasyon sa ibang nag-aantay para makaboto.

Ipasok ang balota sa ballot box.

- Ipagpilit na ikaw lamang ang magpapasok ng balota sa PCOS machine. Pwedeng ipasok ang balota sa kahit anong direksyon.
- Antayin ang mensahe na lalabas sa PCOS machine na sinasabing ang iyong balota ay wastong pinuno.
- Pagkatapos tanggapin ng PCOS machine ang iyong balota, palagyan mo ng tinta ang Board sa iyong daliri.
- Kung ayaw tanggapin ng PCOS machine ang iyong balota, humingi ng payo sa Board. Kung may

katwiran ang dahilan ng pag-tanggi ng iyong balota, hindi ka papayagan bumoto muli.

- Kung wala namang kamalian sa iyong balot pero ayaw ito tanggapin ng PCOS, siguruhin na itatala ng Board sa kanilang opisyal na talaan ang pangyayaring ito, kasama na rin ang ballot control number na ginamit mo.

Bumoto ng maaga.

- Ang pag-boto ay mula ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi. Kung pagdating ng ika-6 ng gabi at ikaw ay nakapila pa para bumoto, papayagan kang bumoto kung ikaw ay hindi nahihigit na 30 na metro sa lugar ng pagboto.
- Hanggang 10 na botante mula sa isang presinto ang maaring bumoto nga sabay-sabay.
- Kung na-ubusan ng balota ang iyong presinto, may karapatan kang utusan ang Board na kumuha ng sobrang balota mula sa ibang presinto.

COMELEC HOTLINES

525-9296, 5259345, 5275574, 5271892, 5259335, 5259294, 5270821, 525929

PPCRV HOTLINES

5253476, 5265694, 5260869, 5261417, 5260012, 5236574, 5254992, 5264572, 5262248



www.law-innovations.com